

Nasaan ang ACCESS Center?

San Francisco Superior Court
400 McAllister Street, Room 208
San Francisco, CA 94102
(kanto ng Polk at McAllister)

BART:

Lumabas sa Civic Center

MUNI:

5, 42, 47, 49, F, J, K, L, & M.

Puwede ba akong humingi ng appointment?

Hindi. Ang ACCESS ay tumutulong sa mga taong pumupunta sa kanila.

Ang mga oras ng ACCESS ay:


Lunes	1:30-4:00
Martes	8:30-12:00
Miyerkules	8:30-12:00 1:30-4:00
Huwebes	8:30-12:00
Biyernes	8:30-12:00

Para sa 24 na oras na nakarekord na impormasyon, tumawag sa:

415-551-5880

San Francisco Superior Court
ACCESS Center, Room 208
400 McAllister Street
San Francisco, CA 94102

Paano Makakatulong sa Iyo ang ACCESS?



ACCESS

San Francisco Superior Court
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

415.551.5880
www.sfgov.org/courts

Ano ang ACCESS Center?

Ang ACCESS Center ay tumutulong sa mga taong nangangailangan ng impormasyon tungkol sa batas pero walang abugado.

Matutulungan namin kayo ukol sa:

- Pagpapaalis sa inuupahan
- Mga Utos na Pagpigil na Nauukol sa Panliligalig na Sibil
- Pagbabago ng Pangalan
- Maliliit na Hinihingi o Dapat-matanggap
- Pangangalaga ng isang tao

Hindi kami makakatulong sa mga kasong kriminal, imigrasyon, at pagkabangkarote.

Ang ACCESS Center ay puwedeng:

- Magbigay sa iyo ng impormasyon sa maraming wika at tulongan kang maintindihan ang iyong mga mapagpipilian ayon sa batas.
- Tulungan kang katawanin ang iyong sarili.
- Tulungan kang sagutan ang mga pormang pambatas, sundin ang mga pamamaraan ng hukuman, humanap ng mga tagatulong o isang abugado.
- Ipakita sa iyo kung paano gagawa ng pananaliksik ng batas.


Kailangan ko bang magbayad para magamit ang Sentro?

Hindi. Pero, kailangan mong bayaran ang mga kopya at ang mga bayad sa paghaharap ng papeles (filing fee).

Kung maliit ang iyong kita, puwede mong hilingin sa hukuman na hayaan kang magharap ng mga papel na panghukuman nang walang bayad.


Ang ACCESS ay may aklatan ng mga libro, polyeto at impormasyon tungkol sa:

- Mga Problema ng May-ari-Nangungupahan
- Mga Pamana at Pangangalaga
- Batas na Pampamilya
- Mga Kasong Sibil
- Trapiko



Ang ACCESS ay may mga klase upang ipakita sa iyo kung paano ihaharap ang iyong kaso at paano kukulektahin ang pasiya para sa iyo.

Tumawag sa: **415-551-3950**



Ano ang dapat kong dalhin sa ACCESS para matulungan nila ako?

Sikaping dalhin ang lahat ng papel tungkol sa iyong kaso, tulad ng mga pormang panghukuman, mga papel na pambatas, tseke ng renta, liham, ulat, ng pulis, atbp.

Ang ACCESS ba ay makakapagbigay ng abugado sa akin?

Hindi. Hindi kami makakapagbigay ng abugado sa iyo.

- Sasabihin namin sa iyo ang mga mapagpipilian mo at ikaw ang magpapasiya ng pinakamabuti sa iyo.
- Ang ACCESS ay puwedeng makatulong sa magkabilang panig ng isang kaso.
- Kung ang kaso mo ay kumplikado, o nagiging kumplikado, makakabuting kumuha ka ng abugado.

Paano ako kukuha ng abugado?

Tawagan ang Lawyer Referral Service ng San Francisco Bar Association:

415-989-1616

Kung maliit ang iyong kita, tawagan ang Volunteer Legal Services Program upang malaman kung kuwalipikado ka sa libre o murang tulong na pambatas:

415-989-1616

Paano kung hindi ako gaanong marunong magsalita ng Ingles?

Puwede kang magdala ng sarili mong tagasalin ng wika. O, kung wala kang tagasalin, makakatulong kami sa iyo.